# 1

"Joey, ano 'yun?" naalimpungatang tanong ni Kathy, naramdaman marahil nang may nabunggo ang kotseng sinasakyan.

Tumunog ang car alarm.

"Oh, no!" nausal ni Joey. May mga nagsilapitang tao. Kinabahan ang dalaga at pinagpawisan.

Binuksan ni Kathy ang bintana at sinilip ang gilid ng kotse.

"Kathy, malaki?" May kutob siyang hindi niya magugustuhan ang isasagot nito.

"Tumama 'yung bumper nitong… kotseng itim sa pinto mo. Nakaangat, eh." May sinipat pa ito. "Tapos lumubog 'tong gilid ng kotse mo, Joey. Sports car 'ata ito."

Napalunok si Joey habang nakatingin sa kanya ang kaibigan. Milyon yata ang halaga ng nabangga niya kumpara sa kanyang lumang model at second hand pang blue *Vios*.

Mukhang may tumawag na sa may-ari ng sports car.

"Siguro, Joey, dapat bumaba na tayo," suhestyon ni Kathy, inikot ng tingin ang mga lumapit.

Naka-cocktail dress kung di man naka-gown ang mga kababaihan, samantalang naka-suit o tuxedo ang mga lalaki. Mukhang galing ang mga ito sa magarang bahay sa tapat na napapalibutan ng matataas na pader.

Mukhang may formal event doon at nagmistulang showroom ng luxury vehicles ang kalye sa dami ng magagara at mamahaling sasakyang nakaparada roon. Ang kipot tuloy ng kalsada.

Huminga si Joey nang malalim at pinatay ang makina. Bumulong siya ng maikling dasal bago tuluyang binuksan ang pinto at bumaba ng kotse.

"Babae pala ang driver, eh," komento ng isa.

Hindi na lang niya pinansin ang bulung-bulungan. Dahan-dahan niyang tinungo ang gilid ng kanyang kotse.

Sumunod si Kathy na bumaba rin.

Napahanga siya nang makita nang malapitan ang mga sasakyan.

*Whoa! Latest model ng Chevy Corvette Stingray.*

Wala pa iyong plaka. Kamakailan lamang ay tinitingnan niya iyon sa Internet. Pangarap niyang makabili niyon.

*Astig, ang ganda mo talaga.*

Napangiti siya. Pinigilan niya ang sarili na hawakan ang kotse. Kung hindi lang siya nasa ganitong sitwasyon ay baka pinag-ukulan niya ng panahon ang pag-admire at pagtitig sa sasakyan.

Pinag-iisipan pa niya kung itong black o iyong red ang mas maganda.

Nakita niya ang mga bunggo. *Gagastos na naman ako.*

Napabuntung-hininga na lang siya at nalungkot. Kapapalit lang niya ng mag wheels at suspension last week. Isusunod sana niya ang air con ng kotse niya.

Pero mas nakakabahala itong presyo ng bumper ng *Corvette*.

Sinisisi ni Joey ang lalaki sa balkonahe. Nahagip ito ng paningin niya kanina nang masilip niya mula sa nakabukas na gate ng malaking bahay.

Naagaw ng maliwanag na tahanan at malakas na tugtugin ang atensyon niya kanina. Kung di niya siguro nakita ang lalaking iyon, siguro ay

mas nakapag-concentrate siya sa pagmamaneho at naiwasan niya ang nguso ng *Corvette*.

*Tsk! Kasalanan ko talaga ito.*

Antok na antok siya at pagod na pagod sa pagmamaneho mula Maynila.

Tumigil sa katutunog ang car alarm at namatay ang mga headlights ng *Corvette* at saktong napatingin si Joey sa taong nagpatay niyon nang tumunghay siya.

Nakatayo ito sa kabilang gilid ng kanyang kotse.

Nanigas siya sa kinatatayuan nang makita ito. Sigurado siyang ito ang lalaki sa balkonahe. Parang sinadyang itutok dito ang ilaw mula sa pader na nasa likuran ni Joey.

He looked like a warrior angel in his all-white suit. She just continued to stare.

Tila tumigil ang ikot ng mundo nang magtama ang kanilang mga paningin.

Nakatayo si Kathy malapit kay Joey at napakunot-noo ito sa reaksyon ng dalawang magkaharap.

"Mike, darling, is everything all right?" Napatingin ang lahat sa pinanggalingan ng

malamyos na tinig na parang tumusok sa bubble na kinapapalooban ni Joey at ng lalaki.

Napatingin si Joey sa mestisang katabi ngayon ni Mike.

Nakaitim na silk gown ito, contrast sa white suit ng kapareha. Kitang-kita ang mapuputi at makikinis na balikat at tagiliran ng babae dahil sa backless na tabas ng gown. Maiksi ang buhok nito na sigurado niyang dyed.

Sopistikada ito, matangkad at maganda. Humawak ito sa braso ng lalaking tinawag nitong *'Mike.'*

"My god, your car!" bulalas nito.

Napairap si Joey sa reaksyon nito. Pagkuwa'y napaismid siya at nalungkot. *Kung akin ito, I'd also be hysterical.*

"Ako na'ng bahala dito. Kilala ko 'tong driver ng *Vios*," nakangiting sabi ng lalaki rito. Mike smiled, showing perfect teeth. Pati mga mata nito ay nakangiti.

Napatingin si Joey rito. *At least, in-acknowledge niya ako.*

Napatango-tango si Kathy, nakatitig pa rin sa

makisig na lalaking may magandang tinig. He was very manly. Malalim at in command ang boses nito. Bagay na bagay sa hitsura at pangangatawan nito.

Nakakabighani rin ang pagngiti kaya hindi napigilan ni Kathy na mapatanga. Lalo na siguro kung sila mismo ang babahaginan nito ng ngiting iyon.

Joey felt a certain sadness when she noticed how Mike's disposition changed when he saw the other woman.

Napatingin siya kay Kathy at tahimik na kinumpirmang higit sa *acquaintances* ang kanilang ugnayan ng lalaki. Nagtatanong kasi ang mga mata ng kaibigan.

"Brod, pakitawag sandali si Jake," sabi ni Mike sa isang guest bago ibinalik ang atensyon kay Joey.

Kapansin-pansin ang pagdilim ng mukha nito. Nakakunot-noo ito at matalim ang tingin, naglaho na ang ngiti.

Naka-recover na ito sa pagkakagulat kanina.

Tiningnan din ng sopistikadang babae si Joey, parang ineestima.

Maliban sa pagiging morena ay talagang napakasimple niya kumpara sa katabi ni Mike. Naka-

puting sleeveless T-shirt siya ngayon, green cargo pants at slip-on na sandalyas. Nakapusod ang mahaba niyang buhok.

Siguradong nangingintab na ang mukha niyang kanina ay nilagyan lang niya ng kaunting pulbos. Naghalo na siguro roon ang langis, pawis at alikabok mula sa highway dahil bukas ang mga bintana nila kanina.

Nakita ni Kathy na inuuri ng katapat na babae si Joey at naisip na mas gusto ng dalaga ang natural na ganda ng kaibigan. Hindi pahuhuli ang almond shaped nitong mga mata at di hamak na mas may laban ang may katangusan nitong ilong at matataas na cheekbones. Bumagay sa hugis-puso nitong mukha ang maninipis at mapupulang labi.

Matangkad din ito at balingkinitan ang katawan.

Napaismid si Kathy. Alam ng mestisang babae na nakakatawag-pansin pa rin ang appeal ni Joey sa mga kalalakihang naroon. Malamang ay gusto nitong malaman kung sino si Joey at kung bakit ganoon na lamang ang pagkakatitig dito niyong si Mike.

"Well, aren't you going to introduce us to each other?" tanong ng maputing babae.

Palihim na napangiti si Kathy, nakumpirma ang

hinala.

Matiim ang mga mata na napatingin dito si Mike. "Cynthia, meet Josephine Del Rosario, pamangkin ni Dr. Antonio Benitez," parang napilitang sabi nito.

"Oh! So you're related to the former Provincial Health Director. Nice to meet you," nakangiting saad ni Cynthia.

Pilit na ngumiti si Joey. "Likewise. This is my friend—Kathy," pakilala niya. Ngumiti lang si Kathy sa mga ito at bahagyang tumango.

"Mike, kailangan mo daw ako?" tanong ng isang lalaking naka-tuxedo. Mas malaki ang pangangatawan nito kay Mike, pero lamang ang huli sa height.

Napangiti si Jake sa kanila ni Kathy nang mapansin ang dalawang kotse.

"You go ahead, Cynthia. Asikasuhin mo na ang mga bisita. Kami na'ng bahala ni Jake dito. I'll join you pagkatapos naming ayusin ito," ani Mike. Pasimpleng inalis nito ang kamay ng babae na nakahawak pa rin sa braso nito, pagkatapos ay bahagyang pinisil iyon bago binitawan.

Tila sandaling nag-isip si Cynthia. "Okay, but please don't be long. I'm not going to let this thing ruin

the party. I will not spend the rest of the night without you, Mike." Itinuon nito ang hintuturo sa matipunong dibdib ng lalaki at ngumiti ng pagkatamis-tamis. Tumingin muli ito sa kanila ni Kathy. "I want to invite you in, but…" Tiningnan sila mula ulo hanggang paa. "I don't think your attire would be appropriate for the occasion. Maybe next time."

"It's all right. Kathy and I need to get home. My uncle is expecting us," sagot ni Joey. Ang totoo, surprise visit itong gagawin nila sa kanyang Uncle Toto. "But thank you for the thought." Wala siyang balak tumuntong sa pamamahay na iyon kahit bayaran siya ng malaki o kaladkarin pa.

"Hey, Jake, you make sure Mike returns to the party real soon or else!" pabirong saad ni Cynthia.

Kumindat lang dito si Jake.

Tumalikod na ang babae, nakabandera ang maputing likod mula sa itaas ng puwitan. Lalong na-emphasize ang pagka-fit ng damit dahil sa may kabilugan ang bahaging iyon ni Cynthia.

Lahat ng mga mata, lalo na ang sa mga kalalakihang naroon ay tila napapatutok kay Cynthia. Ayaw alamin ni Joey kung pati si Mike ay sa pang-upo ng babae nakatuon ang pansin.

In-address ng babae ang mga guests. "Ladies and gentlemen, please come in now. Let me remind you that you are all here to eat, drink and enjoy the party. Mike and Jake will take care of this unfortunate incident. They will join us later."

Mukhang si Cynthia ang hostess ng selebrasyon.

Sumunod na rito ang mga bisitang nakikiusyoso.

Medyo hindi nagustuhan ni Joey ang sinabi ni Cynthia at hindi niya napansing matalim na pala ang pagkakatingin niya sa papalayong likod nito.

"Let's get down to business, shall we? Kailangan naming bumalik kaagad sa party," matabang na sabi ni Mike.

Napatingin siya sa lalaki.

Walang ekspresyon ang mukha nito habang nakatutok ang atensyon sa *Corvette.*

Di maintindihan ni Joey, pero lalong bumilis ang tibok ng kanyang puso nang makitang palapit ito sa kanya. Nakasunod dito si Jake.

Ang lapit ng dalawa na parang nasasamyo na niya ang pabango ng mga ito. Naghahalo ang malakas na cologne at amoy ng katawan ng dalawa.

Ang linis nilang tingnan sa kanilang porma. Ang gaganda ng tindig. Nakakailang dahil ang tataas pa ng mga ito.

Sa tangkad ni Joey na 5'7" ay umaabot lamang siya sa bandang baba ni Mike at sa bandang mata naman ni Jake. Si Kathy ay lalong nagmukhang maliit. Hanggang dibdib lang ito ni Mike.

*Madami nang nagbago sa 'yo, Miguel.*

Iyon ang tawag ni Joey rito. Magkahalong tuwa at lungkot ang nararamdaman niya habang tahimik at pasimpleng tinitingnan ang kababata. Natutuwa siya dahil nakita niya itong muli pagkalipas ng halos mahigit yatang sampung taon. Nalulungkot siya dahil parang balewala iyon dito. Ikinadismaya pa nito ang pagkikita nilang muli.

Dahil ba siya ang dahilan ng pagkasira ng gabi nito?

# 2

"Pwedeng iatras mo muna ang kotse mo?" ani Miguel. Tumingin ito kay Joey pagkatapos malitratuhan ni Jake ang dalawang sasakyan.

Tahimik na tinungo ni Joey ang driver's side ng *Vios* at sinunod ang utos nito. Pagkatapos ay bumaba siya at binalikan ang gilid ng koste niya. Yumuko siya para makita iyon nang husto. Malalim pala ang lubog sa bandang harapan.

Tinitingnan ni Miguel ang bumper ng *Corvette.*

Nanatiling nakatayo sina Kathy at Jake at pinagmamasdan ang dalawa.

"Miss, ako nga pala si Jake," narinig ni Joey na pakilala ng lalaki kay Kathy.

"Kathy," nahihiyang tugon ng kaibigan at nakipagkamay rito.

"Taga-Maynila kayo?"

"Ako, oo. Si Joey, 'yung kaibigan ko, tagarito sa Tagalag." Si Kathy. "Isinama niya ako. Sobrang haba pala ng biyahe."

Patuloy na nag-usap ang dalawa.

Kahit medyo malayo sila sa isa't isa ni Miguel ay parang naaamoy pa rin ni Joey ang pabango nito. Parang nalalasing siya sa pagsamyo at kakatwang pinagagaan niyon ang kanyang loob. Pinaglalabanan niyang huwag itong lingunin, pero hindi niya magawa.

Lalo kasi itong gumuwapo. Ang kinis-kinis ng balat nito kahit bahagyang sunog sa araw.

Tama ang mga matatanda noong mga bata pa sila. Magbibinata itong makisig at magpapaibig ng madaming babae. At minsan na niyang inamin sa sariling naging espesyal ang pagtingin niya rito noong magkaibigan pa ang turingan nila.

Hinubad ni Miguel ang jacket ng suit at bahagyang niluwagan ang kurbata. Tila nainitan ito.

She remembered how he looked when they were younger.

He was also wearing a long sleeve polo shirt and a tie then.

Tila naramdaman nitong nakatitig siya at kunot-noo itong tumingin sa kanya.

"Ang suplado mo naman," bulong niya at nag-

iwas ng tingin. *Kailan mo kaya ako muling ngingitian?*

Naalala niya noong huling nakita niyang magiliw na nakangiti sa kanya si Miguel. That was the night she realized that for her, he was more than just a best friend.

Noong gabi ng JS Prom.

Magka-batch sila.

*They arrived separately.*

*"I'm really glad to see you, Joey," nakangiting sabi ni Miguel nang magkita sila.*

*She noticed there was something different in the way he stared at her as she smiled back at him.*

*He was so handsome in his long sleeve blue polo shirt and red tie. Pinaresan iyon ng black slacks and leather shoes. Naka-gel ang buhok nito. He smelled nice, too.*

*"Sinasamahan ko si Kuya Daniel. Kawawa naman. Broken-hearted. Kailangan ng support," tukoy niya sa Senior niyang pinsan. Just days before the prom, Daniel and his girlfriend broke up. "Nakalimutan ni Trinang mag-helmet," natatawa niyang dugtong.*

*Natawa rin si Miguel na ka-date ang girlfriend*

*na kaklase nito. Hindi nito kasama ang babae nang lumapit sa kanilang magpinsan.*

*Barkada ang turingan nila ni Miguel at ng mga pinsan niyang sina Jerome at Daniel. Sila ang mga unang naging kaibigan ng binatilyo nang tumira ito sa Tagalag.*

*Ang bahay nila ang pinakamalapit sa tirahan nito.*

*Lagi kasing naa-assign sa iba't ibang lugar sa Pilipinas ang papa ni Miguel na isang army officer at noon ay major pa lang, si Enrico Carvajal. Naging head ito ng unit ng mga sundalo sa Tagalag. Kababata rin ito ng Uncle Toto ni Joey.*

*"Huwag mo nang ipaalala," kunot-noong saway ni Daniel. "Picture-an ko kayo. Bihira nating makitang naka-makeup at naka-dress si Joey. Baka hindi na maulit," natatawa nitong ganti.*

*Naka-pink siyang gown na abot hanggang tuhod. May spaghetti straps iyon na pinatungan niya ng silk shawl kaya bahagyang covered ang mga balikat niya. Medyo mataas ang takong ng pink pumps niya. Nakaayos ang buhok niyang may pagka-pixie ang cut. Manipis ang makeup niya na ang Tita Eleanor niya ang naglagay, ang mama nina Jerome at Daniel.*

*Binantaan niya ang pinsan. "Gusto mo iwan kita*

*para—" Nagulat siya nang akbayan siya ni Miguel.*

*Agad silang kinunan ng litrato ni Daniel gamit ang phone nito.*

*Dati naman nitong ginagawa iyon, pero iba talaga ang naramdaman niya.*

*She could not contain her happiness. She smiled and Daniel took their picture again.*

*"Alam n'yo, kung hindi ko kayo kilala, mapagkakamalan ko kayong magsyota," dagdag ng pinsan niya. "Ang gaganda ng ngiti n'yo, o." Iniharap nito ang phone sa kanila.*

*She could agree. They really looked like a couple.*

*"Nami-miss mo lang si Trina kaya ka ganyan. Mamaya iiyak ka na naman," kontra niya kay Daniel, kahit na nga ba pinasaya siya ng komento nito. Napansin niyang nakaakbay pa rin si Miguel sa kanya.*

*"Maganda lang 'yung camera ng phone mo, bro," natatawang sabi ni Miguel.*

*That was when his girlfriend Sheila showed up. Humiwalay ang lalaki sa kanya.*

---

*"Joey, can I have this dance?" Nagulat pa siya nang*

*lapitan siya ni Miguel later that night. Nag-uusap sina Daniel and Trina kaya naiwan siyang mag-isa sa mesa.*

*Tiningnan niya ang lalaki. "Mamaya may sumabunot na lang sa akin, ha," biro niya.*

*Umiling si Miguel at natawa.*

*Inilibot niya ang tingin. Wala si Sheila.*

*Hinawakan ni Miguel ang kanyang kamay. "Just this once. We do not get a lot of opportunity to show our talents."*

*Napapayag siya nito.*

*Kaso pagtapak sa dance floor, naging slow paced love song ang tugtog. Itinuloy na rin nila ang pagsayaw ng sweet.*

*Joey didn't understand at first why she felt so wonderful as Miguel held her, close… closer. They looked into each other's eyes, seemingly understanding what was communicated without words.*

*Magkayakap na pala sila nang matapos ang kanta.*

*And that moment, Joey realized na hindi lang matalik na kaibigan si Miguel sa kanya. Nang ihatid siya nito sa kanyang table, sigurado na siya.*

*She's finally in love.*

*Tumawag si Uncle Toto dahil nag-text siya na kailangan niya ng sundo. Nagkabalikan sina Daniel at Trina at naiintindihan niyang magtatagal pa ang dalawa. Maingay ang rave music at hindi niya marinig ang sinasabi ng tiyuhin kaya nagmadali siyang lumabas ng venue.*

*Hindi sinasadyang nabunggo niya si Sheila sa paglabas.*

*"Sorry," aniya.*

*"No, you're not." Nagulat siya sa sagot nito. "Let us talk, Joey."*

*Nag-alinlangang tumango siya.*

*"Come with me," halos pasigaw nitong sabi. Nasa entrance pa sila at malakas pa rin ang tugtog.*

*Sinundan niya ito, walang tanong. Tumigil sila sa lugar kung saan siguradong wala nang ibang makakarinig.*

*"Gusto mong agawin si Mike?" nakasimangot na akusa nito.*

*Bahagya siyang nagulat at nag-init ang likod ng kanyang mga tainga. Hindi siya nakasagot, pero nagawa niyang umiling.*

*"Layuan mo siya, Joey, kundi magpapakamatay ako." Naglabas ito ng cutter blade.*

*Joey knew she was serious.*

*"Nagmamakaawa ako. Hindi ko kakayanin kapag iniwan ako ni Mike." At humagulgol ito sa harap niya.*

*Joey felt terrible.*

*Ipinasya niyang layuan na lang si Miguel.*

---

"Insured ba ang kotse mo?" narinig niyang tanong ni Miguel.

Nakatulala siya at siguradong may lungkot sa mga mata dahil sa mga naalala nang mapatingin dito. Umupo pala ang binata sa tabi niya habang tila ineestima ang lubog ng kanyang kotse. Lalo siyang na-conscious nang mapansing pulgada lamang ang espasyo sa pagitan nila.

*Kailan ito lumapit?*

She just wanted to just stare at him. Parang gusto niyang i-memorize ang bawat linya at kurba ng mukha nito habang naka-side view ang lalaki at nakatingin sa damage ng kotse niya.

Hindi niya napansing inilalapit niya ang sarili

rito. Like something was pulling her to move closer to him. Parang gusto niyang hawakan ang tainga nito at akbayan ito tulad ng dati.

Joey was about to do it nang lumingon si Miguel sa kanya. Naghihintay ba ito ng sagot. Ano nga ba iyong tanong nito?

Tuloy napakalapit ng mukha nila sa isa't isa. Parang naririnig niya ang bawat paghinga nito. Ang lakas at bilis ng tibok ng kanyang puso, lulundag na yata mula sa kanyang dibdib.

Joey wanted to stand nang ma-realize kung gaano ka-akward ang hitsura niya, pero namitig yata ang mga binti niya at nanghihina ang mga tuhod niya at hindi siya makatayo.

At tila napako rin sa kanya ang mga mata ni Miguel.

Napatingin siya sa mga maninipis na labi nito. Joey couldn't understand why she suddenly wanted to press her lips on them.

Biglang umismid si Miguel. "With that look on your face, you were obviously not paying any attention to your driving kaya mo nabangga ang kotse ko." Tumayo ito at napabuntunghininga.

Naglakad ito agad palayo sa kanya.

Bahagyang namula si Joey sa hiya. *Ano ba'ng nangyayari sa akin?*

Lumapit muli si Miguel sa *Corvette*.

"Kabibili ko lang ng kotseng ito this week 'tapos ipapasok ko na kaagad sa casa. What's worse, di pa 'yan insured. How lucky one can be?" Sumatsat ito.

Napatingin sina Jake at Kathy sa kanilang dalawa.

*Kailangan pa bang ipagyabang na bagong bili ang kotse mo?*

Napatayo si Joey sa pagkaasar at bumuway ang pagkakatayo niya. Muntik na siyang natumba kung di lang siya napahawak sa kanyang sasakyan.

Napatingin siya kay Miguel. Ni hindi man lang ito natinag sa kinatatayuan.

"Joey?" Nasa tabi niya agad si Kathy.

Mabilis ding nakalapit si Jake para alalayan siya.

"I'm okay," pagsisinungaling niya. Parang tinutusok ng mga aspile ang mga paa niya.

"O baka naman hindi ka pa kumakain ng hapunan kaya nanlalambot ang mga tuhod mo at nanlalabo

na ang mga paningin mo sa gutom? Kaya siguro di mo nakita itong kotse," ani Miguel.

Ito ang pinakamalapit sa kanya. And he did nothing to help her.

Umasa pa kasi siyang ito pa rin ang Miguel na kilala niya. Iyong laging handang sagipin at ipagtanggol ang kapwa. Hindi dahil sa kapalit o dahil may espesyal itong pagtingin sa mga taong tinutulungan.

Ipinanganak yata itong may prinsipyo. Advocate ng kabutihan ng nakararami. A leader. Ipinangalan ito kay Archangel Michael, di ba?

Those attributes were the very same reasons why she fell for him. Now, it was just a thing of the past.

"Do you mind lighting that later?" sita niya rito nang kumuha ang lalaki ng cigarette stick mula sa case na dinukot nito mula sa bulsa. "I am really allergic to cigarette smoke, if you still remember…"

Nagkibit-balikat ito at ibinalik ang stick sa case.

Lalo siyang nalungkot dahil mukhang nakalimutan na rin ni Miguel ang tungkol doon. Naiinis siya dahil natuto itong manigarilyo, isang bisyo na isinumpa niyang ayaw niyang makita sa isang lalaki.

Naalala niya si Cynthia at ang sosyal na pagbuga nito ng usok kanina sa balkonahe. Lalong nairita si Joey.

"I think kasalanan mo rin kung bakit nasabit ang kotse mo. Nakita mo ba ang parada mo?" Nakasimangot niyang nilapitan ang *Corvette* nang magawa na niyang humakbang.

Hindi na lang sinabi ni Miguel na nag-insist si Cynthia na mag-drive at hinayaan din nitong ang babae ang mag-park ng *Corvette*.

Umismid ang binata. "Oo, pero nakita mo rin ba ang kalyeng ito?" Lumapit ito sa kotseng pula na nakaparada sa kabilang gilid ng daan. Halos katapat ng kotse ni Joey. "Ang laki-laki pa ng espasyo dito." Itinuro nito ang pagitan ng pulang sasakyan at ng *Vios*.

"Pwede ka pang magbisikleta, di ba, Jake?" biro nito sa kasama.

Awkward ang itinugong ngiti ng lalaki kay Miguel.

"Nananahimik ang kotse ko diyan. May choice ka para maiwasan pero binangga mo pa rin. Swerte naman nitong pulang *Porsche*."

Ipinamumukha ba nitong wala siyang diskarte sa pagmamaneho?

"Siguro alam ng kotse kong kotse mo iyan," pabulong na sagot ni Joey at naglakad padabog papalapit sa driver's side ng *Vios*.

Di niya napansing lalong napakunot ang kanyang noo. Maliban sa paglimot sa kanilang pinagsamahan, malaki na talaga ang ipinagbago ni Miguel. Naging mayabang at mapanghusga at naging ungentleman.

"Ano'ng s'abi mo?" narinig ni Miguel ang sinabi ng babae at gusto nitong matawa sa parang batang reaksyon ni Joey.

"Ang sabi ko bakit di pa tayo maghanap ng presinto nang matapos na ito," ani Joey. "Gabing-gabi na at pagod na pagod na kami kaya gusto na naming umuwi. At tama ka, hindi pa kami kumakain ng hapunan." Muli niya itong tiningnan nang masama. If Miguel meant to be hostile toward her, then she would not back down.

"Kaya nga nandito si Chief Insp. Morales dahil siya ang magpa-file ng police report," sagot nito.

"Sundan n'yo na lang kami," ani Jake.

# 3

"Can I offer you anything? Coffee, crackers?" tanong ni Jake nang makapasok sila sa tanggapan nito.

Kahit maliit, fully furnished at malinis ang opisina.

Magkatapat na nakaupo sila ni Miguel sa harap ng mesang may nakapaibabaw na nameplate ni Chief Inspector Jake Morales.

Tama ang kutob ni Joey na ito ang head ng presintong pinuntahan nila. Nakita niya ang mga larawan at plake nito sa opisina.

Napatingin siya kay Miguel na kaharap niya at inirapan ito. Tatlong talampakan lamang ang layo nila sa isa't isa.

*Kaya pala mayabang, malakas ang kapit mo. Hepe pa ang pagpa-file-in ng police report.*

"No, thank you," ani Joey nang muling tumingin kay Jake.

Hindi pa rin humuhupa ang kanyang inis. Kapwa may kendi na sila sa bibig ni Kathy, pantawid-gutom. Nakaupo ang kaibigan sa mahabang couch na

nakasandal sa dingding.

"Sure?" ani Jake. Ipinaalala nitong muntik na siyang matumba kanina sa gutom.

Tumango sila ni Kathy at nginitian ito.

"Kaya pala kayo slim." Ngumiti rin si Jake.

"Ikaw, Mike?"

"Pwede, pare, iyong report na lang?" tugon ni Miguel. Bakas din sa mukha nito ang pagkainip. "We don't want Cynthia to wait 'til the party is over."

Napatingin muli si Joey rito. Lalo siyang nainis. Parang kasalanan pa niya kung bakit nag-iisa ngayon ang Cynthia na iyon.

*Bully talaga. Pati si Morales sinusungitan.*

Agad kumuha ng mga papel si Jake at iniabot sa kanila para sagutan.

May pulis na pumasok at ipina-photocopy nito ang dala nilang registration, receipt at saka lisensya.

Dagli niyang tinapos ang pag-fill out ng form at pag-drawing ng dalawang sasakyan. Nakasimangot si Joey buong panahon dahil ang gusto niya lang gawin ay makalabas doon. Wala na rin siyang ganang idepensa ang sarili.

Ipinasalaysay sa kanya ni Jake ang mga nangyari nang ibinalik niya ang papel.

“Look, we’re really tired and hungry so ayoko nang makipagtalo. I’ve been driving almost ten hours straight from Manila. Masikip ang daan. Mabagal naman ako pero di ko napansing nakalabas pala ang nguso ng latest model ng black *Chevy Corvette Stingray*,” tuluy-tuloy na sabi ni Joey kay Jake.

Di niya maaaring sabihing nakatitig siya kina Miguel at Cynthia sa balkonahe at nakita niyang naghalikan ang dalawa kaya di niya naiwasan ang kotseng itim. Nainis siya lalo sa sarili.

Hindi niya napansing napatitig sa kanya si Miguel.

“Inaamin kong kasalanan ko lahat ito para matapos na ang kwento at makabalik na kayo sa party,” patuloy ni Joey. “I’m sure every minute you spend here is ruining it for her.” Tumingin siya kay Miguel. “We don’t want poor Cynthia to be alone, do we? I can just imagine how wretched she is while patiently waiting for your return.”

Pormal ang mukha ni Miguel habang nakikinig sa kanya.

Parang pinipigilan ni Jake na matawa nang

mapatingin siya rito, nahalata marahil na ginagaya niya ang maarteng pagsasalita ni Cynthia.

Napailing si Kathy. Kabisado nito ang ugali ni Joey. Pag inis, ipinapakita.

"Address ng uncle ko 'yang ibinigay ko. Titira ako doon habang nandito ako, Chief," aniya kay Jake. Humarap siya kay Miguel. "Ngayon, malayo namang takasan kita dahil sa tingin ko alam mo pa din ang bahay ng Uncle Toto ko. Nakatayo pa din 'yun sa dating lote. Kailangan ko lang ng panahon para ma-contact ang insurance company ko at maihanda ang mga papeles para sa mga sasagutin ko sa kotse mo."

Nakasimangot na si Miguel.

Di mapigilan ni Joey ang sarili sa pagtalak dahil sa disappointment na nararamdaman. Handa siyang magbayad kahit magkano kung ang ibig sabihin niyon ay tuluyang matutuldukan na ang kung anumang natitira pa sa kanila ni Miguel.

Napagtanto niyang wala nang pag-asa upang maibalik ang dati nilang pagkakaibigan.

It's really over. Siya lang ang umasang maaayos pa ang lahat. She was so naive to believe that.

"Huwag kang mag-aalala, papalitan ko kaagad

ang bumper ng brand new mong *Corvette*,” parang batang sabi pa niya.

Nanatiling tahimik si Miguel na animo’y pinag-iisipan ang mga sinabi ni Joey. Nakatingin lang ito sa mukha niya.

He’d become a stranger. Pamilyar ang mukha nito, pero hindi na niya ito kilala.

At nasisiguro niyang hindi pa rin siya nito napapatawad.

Naalala niya ang huli nilang pag-uusap.

*“Stop meddling in my personal life! You are not my boyfriend! Let me remind you, kaibigan lang kita and you are crossing the line.”*

*She didn’t intend to hurt him. Pero iyon lang ang alam niyang paraan para hindi na ito maging close pa sa kanya. Maybe, that way, she could also forget how she felt for him.*

*Nabalitaan niyang pagkatapos ng JS prom ay nakipaghiwalay si Miguel kay Sheila.*

*Joey should have been happy that he was finally free, but news of how Sheila took the break up made Joey miserable… for the rest of her stay in school.*

*Sheila was hospitalized. Itinuloy nito ang bantang pagpapakamatay at naglaslas ng pulso. Mabuti na lang at naagapan.*

*Instant celebrities sila ni Miguel. Lahat ng nakakita sa kanilang magsayaw nang gabing iyon at lahat ng nakabalita ay parang iniisip na siya ang dahilan kung bakit naghiwalay ang dalawa.*

*Iniwasan niya ang lalaki. Miguel kept telling her the break up wasn't Joey's fault. Matiyaga itong lumalapit sa kanya, nagpapaunawa.*

*"I realized that there are things Sheila and I could not mend in our relationship. Magiging unfair lang kami sa isa't isa. Don't let this ruin our friendship," pakiusap ni Miguel.*

*Hindi alam ni Joey kung alin ang mas masakit: ang mapagbintangang mang-aagaw ng boyfriend o mapamukhaang unrequited naman ang pag-ibig niya kay Miguel kaya hindi talaga siya dapat sisihin sa nangyari.*

*Gusto niyang ikatwiran na bata pa siya noon kaya niya nasabi ang ganoon kay Miguel. Pero alam niyang nagawa niya lang iyon dahil sa pagkalito at hinanakit na rin. Parang pinapaasa pa siya nito, pero wala rin naman.*

*They never talked again after that. But the gossip persisted. Maraming naniniwalang totoong may relasyon sila, higit pa sa pagkakaibigan.*

*Nawala na lang ang binata pagkatapos ng graduation. Nabalitaan niyang naghiwalay ang mga magulang nito. Huli niyang balita ay isinama ito ng ina.*

*"It was all for the best." Iyon ang sinabi ni Joey sa sarili, pero palagi pa rin niyang naiisip si Miguel.*

Kaya naman hindi siya makapaniwala kanina nang makita niya ito sa balkonahe.

Nag-iwas siya ng tingin kay Miguel. Napatingin siya sa orasan sa pader. Mag-a-alas-doce na pala.

"Sige, bukas, alas onse ng umaga. Magkita tayong dalawa sa *Danny's*. Don't be late," narinig niyang sabi nito at napilitan siyang tumingin ulit dito. "Or would you like to set the time and place?"

"Miguel, di ba pwedeng sa hapon na lang?" wala sa loob niyang pakiusap. At natigilan. Na-realize na ginamit niya ang pangalan nito.

Nagbago rin ang ekspresyon ni Miguel. Tila di rin nito inaasahan na marinig iyon mula sa kanya. Nabura ang seryosong ekspresyon sa mukha nito at

parang naging malungkot ang mga mata.

Hindi sigurado si Joey kung dahil iyon sa matagal nang walang tumatawag dito ng *'Miguel'* o dahil sa tinanggalan na siya nito ng karapatang sambitin ang pangalan.

Sila lamang nina Jerome at Daniel ang tumatawag dito ng Miguel noon. Mike ang patawag nito sa iba nilang mga kaibigan at kakilala.

Marahil hanggang ngayon ay ganoon pa rin ito. At dahil hindi na siya nito itinuturing na matalik na kaibigan, wala na siyang karapatang banggitin ang pangalang iyon.

"Er… I mean, the place is fine but I don't think I can make it that early tomorrow," mahina niyang dagdag. "And besides, I have to contact my insurance company first. Baka after lunch ko na iyon magawa." Hindi niya ito matingnan nang derecho.

"Mike, ano? Sa hapon na lang?" Si Jake.

"Ah, sige, 4PM na lang bukas. Sa tingin ko, mapupuyat din tayo sa party ni Cynthia," dagdag nito at kumindat kay Jake.

Pakiramdam ni Joey, sinadya nitong banggitin ang pangalan ng babae para asarin siya.

“Bueno, I hope ma-settle n’yo kaagad ito,” nakangiting sabi ni Jake.

Tumayo na sila ni Kathy pagkatanggap ng police report.

Kinamayan niya si Jake. “Salamat, Chief.” Nagpaalam na siya rito.

“Bukas na lang,” aniya kay Miguel, iniiwasan pa ring tingnan ito sa mga mata.

Parang nawalan siya ng gana… ng lakas.

Baka pagod lang siya sa biyahe.

Samantala, tahimik si Miguel buong panahong nasa party ito, bagay na hindi nakaligtas kay Cynthia. At sigurado ito na may kinalaman sa nakilalang si Josephine Del Rosario ang pagbabago ng mood ng nobyo.

---

“Joey, ’yung mama!” sigaw ni Kathy.

Kinabig niya ang manibela pakaliwa sabay preno. Bigla kasing sumulpot sa daan ang lalaking nakabisikleta! Sigurado siyang hindi niya ito nabunggo pero nawalan ito ng balanse at sumemplang.

“Si Mang Ambo nabangga!” sigaw ng isang

tambay. May mga taong humangos para tulungan ang matanda na mukhang hindi pa rin nakakatayo.

Nagkatinginan sila ni Kathy. Kinalas nito ang seatbelt.

Nakapalibot na ang mga tao sa lalaking nakabisikleta.

"I didn't hit him, di ba?" nag-aalinlangan niyang tanong kay Kathy.

Malungkot siyang tiningnan ng kaibigan. "Siguro, Joey, dapat bumaba na tayo."

Napabuntunghininga siya. Late na sila sa appointment kay Miguel kaya siya nagmamadali.

Madaling araw na sila nakauwi. Hindi na niya ipinagising si Uncle Toto nang papasukin sila ng kasambahay nito.

Hindi siya nakatulog nang maayos. Ginugulo ni Miguel ang isip niya. Nagbalik ang halo-halong emosyon na akala ni Joey ay nakalimutan na niya. Inis. Lungkot. Pagsisisi. Panghihinayang. Pagkadismaya.

She'd longed to see him. Talk with him again. Natupad naman.

*Dapat 'ata kapag humihiling very specific. Nag-*

*uusap nga tayo pero sinusungitan mo naman ako.*

After breakfast, nakipagkwentuhan sila kay Uncle Toto. Matapos makapananghalian, noon sinumpong ng di mapaglabanang antok si Joey at ang thirty-minute nap ay naging mahigit dalawang oras. Nakatulog din si Kathy. Sinubukan niyang tawagan ang insurance company bago matulog pero busy at wala siyang nakausap.

Alas tres cuarenta y cinco na nang maalimpungatan siya at tuluyang bumangon.

---

"'Yan 'yung nakabundol!" anang nakikimiron.

Napatingin si Joey sa bumper ng sasakyan niya. Ni walang gasgas. Mas lumakas ang paniniwala niyang hindi niya talaga nahagip ang bisikleta.

"Stay calm." Hinawakan siya ni Kathy sa balikat. "Excuse po, mga doktor ho kami," sabi nito at hinila siya para lapitan ang naaksidente.

Huminga siya nang malalim at sumunod dito.

"Ang bilis kasi magpatakbo," anang isa. "Nakabundol tuloy."

"Hindi niya ako nabundol. Nawalan ako ng

kontrol sa bisikleta ko," sabi ng lalaki at pinilit tumayo.

Napahinga nang malalim si Joey. *At least, honest si Manong*. Pero baka may kasalanan pa rin siya. Pinigilan niya itong tumayo at sinuri.

"Pasensya na ho. Hindi ko sinasadya," sabi niya sa lalaki dahil malamang nag-panic ito kanina nang makita ang sasakyan niya kaya natumba.

"Mas mabuting huwag muna kayong tumayo at baka may bali kayo." Tumingin siya sa mga tao. "Patulong na lang pong maisakay siya sa sasakyan namin para mapatingnan namin siya sa ospital."

"Hindi na kailangan," umiiling na tanggi ng lalaki at tumayo pa rin. Ika-ikang sinimulang pulutin nito ang mga tumilapong dala. Tinulungan nila ito.

Dahil sa rotation nila sa emergency medicine dati, alam nina Joey at Kathy na bukod sa galos, sugat at bulbog na muscles sa kanang bahagi ng katawan ay mukhang wala namang malubhang pinsala ang lalaki. Pero mas maganda na ang nakakakasiguro. Walang nasira sa bisikleta pero nagkalat ang mga gulay at itlog sa kalsada.

"Papalitan na lang po namin," ani Kathy, at humingi silang pareho ng dispensa.

"Tinda niya 'yan," sabat ng isa.

"Bibilhin na lang po namin lahat, basta sumama kayo sa amin sa ospital," ani Joey, at nginitian ang matanda.

Bahala nang magalit si Miguel. Mas importante itong si Manong kaysa sa *Corvette*.

---

"Dela Cruz, Ambrosio!"

"Dito!" sagot ni Joey habang nakaupo sila sa waiting area ng emergency room ng *St. Anthony's Medical Center*, isang malaking private hospital sa kanilang lugar na at par sa mga sikat at magagarang ospital sa Maynila.

Hinihikayat sila ng Uncle Toto niya na mag-apply ng residency training sa nasabing ospital. Well-compensated ang mga empleyado roon at updated palagi ang training. Kaya nga pagkapasa ng board examination ay niyaya niya rito si Kathy na kaibigan at classmate niya since college hanggang sa med school.

Mag-isa na rin kasi ang Uncle Toto niya sa bahay, katulong lang ang kasama. Ito ang tumayong guardian niya nang mamatay sa aksidente ang mga

magulang. Wala na ang Tita niya. Nag-migrate na si Daniel sa Canada. Nakatuluyan nito si Trina. Si Jerome ay piloto ng isang commercial airline kaya madalas wala sa Pilipinas.

Inalalayan nila si Mang Ambo na maglakad nang palapitin sila ng doctor na nasa desk.

"Cortez, bakit mo pinaglalakad ang pasyente?" puna ng isang doctor na mukhang mas mataas ang position dito. Nakasuot ito ng long coat na puti.

Naka-white blazer lang si Cortez. Napansin nitong iika-ika ang inaalalayan nila.

"Sorry, sir." Nagkukumahog na naghanap si Cortez ng wheelchair.

Parang nakakita si Joey ng demonyo nang lingunin ang nanita na naka-long sleeve polo shirt at tie. Bahagya niyang nasamyo ang pabango nito. Napaka-fresh. Nakadagdag sa neat look.

Pero walang pakialam si Joey kahit napakakisig nito. Naaalala pa niya ang pagiging presko at iresponsible nito.

*Why is my past haunting me? N'ung una, si Miguel, 'tapos ngayon, si Lucifer.*